

1 Ipinakita ng Diyos ang Kanyang makapangyarihang kamay na nagdadala ng kaligtasan sa mga bansa.

Ipapakita ng PANGINOON ang natatangi niyang kapangyarihan sa lahat ng bansa, at makikita ng buong mundo ang pagliligtas ng ating Diyos. ISAIAS 52:10

Sa simula pa lamang, layunin na ng Diyos na gawing mabuti ang mundo. Nang pumasok ang kasalanan at dungisan ito, may plano na ang Diyos para tubusin ang mundo. Siya ay kumilos upang ipakita ang natatangi Niyang kapangyarihan. Dahil labis ang pagmamahal ng Diyos sa mundo, ipinadala Niya si Jesus, ang Kanyang Anak, upang iligtas ang sangkatauhan sa pamamagitan ng Kanyang buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay. Ito ang magandang balita para sa ating lahat ngayon. Ang mga maniniwala kay Jesus at tatawag sa Kanyang pangalan ay hindi mapapahamak kundi magkakaroon ng buhay na walang hanggan (Juan 3:16). Paano ipinakita ng Diyos ang Kanyang natatanging kapangyarihan sa iyo at sa iyong mga mahal sa buhay?

.....

.....

.....

2 Ginagamit natin ang ating mga paa upang pumunta sa ibang lugar at ang ating mga tinig upang ipahayag ang magandang balita.

⁷O napakagandang tingnan ang mga sugong dumadaan sa mga kabundukan na nagdadala ng magandang balita ng kapayapaan at kabutihan sa Jerusalem, dahil ililigtas na ito ng Diyos. Sasabihin nila sa mga taga-Jerusalem, "Naghahari na ang inyong Diyos!" ⁸Sisigaw sa tuwa ang mga tagapagbantay ng lungsod dahil makikita nila ang pagbabalik ng PANGINOON sa Jerusalem.

ISAIAS 52:7-8

Dahil natanggap natin ang magandang balita ng kapayapaan, kasiyahan, at kaligtasan, dapat natin itong ipahayag sa lahat ng dako ng mundo. Ang katotohanang ito ay dapat lamang na ibahagi dahil ito ang magdadala ng kalakasan at kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng makakarinig at maniniwala dito! Subalit ang mga tao ay maniniwala at makakarinig lamang ng tungkol

dito kung may pupunta sa kanila at mangangaral (Mga Taga-Roma 10:13-15). Sino ang nangaral ng ebanghelyo sa iyo? Paano ito nangyari?

.....

.....

.....

3 Dahil dito, mabubuksan ang mga mata ng tao at makikita nila ang pagliligtas ng Diyos.

Ipapakita ng PANGINOON ang natatangi niyang kapangyarihan sa lahat ng bansa, at makikita ng buong mundo ang pagliligtas ng ating Diyos. ISAIAS 52:10

Kapag tayo ay nagpunta sa ibang lugar at nangaral ng ebanghelyo, maraming tao ang magkakaroon ng pagkakataon na makatanggap at makaranas ng kaligtasan ni Cristo. Habang nakikibahagi tayo sa pagpapangaral ng magandang balita sa mundo, sa huli, ang Diyos ang magpapakilala ng Kanyang sarili sa mga tao, magbubukas ng kanilang mga mata, at babago ng kanilang buhay. Ayon sa 1 Corinto 3:5-6, sino ang may responsibilidad sa ating espirituwal na paglago at pagbabago?

.....

.....

.....

APPLICATION

- Paano binago ng ebanghelyo ang buhay mo? Kung ito ang unang pagkakataon na narinig mo ang ebanghelyo, nais mo bang ganap na manampalataya sa Panginoong Jesu-Cristo ngayon?
- Kanino mo maipapangaral ang ebanghelyo ngayong linggo? Isipin kung paano mo masisimulan ang pakikipag-usap sa taong ito.
- Dahil ang ebanghelyo ay dapat ipangaral sa lahat ng bansa, may bansa bang inilagay ang Diyos sa puso mo upang ipanalangin? Paano ka makikibahagi sa ginagawa ng Diyos sa bansang ito?